

Aralin 5

ANO ANG NANGYAYARI PAGKARAAN NG KAMATAYAN

Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo

- ✧ Pagkaraan Ng Kamatayan Ay Ano?
- ✧ Ano Ang Katulad Ng Langit At Ng Impiyerno?
- ✧ Gaano Kahalaga Ang Iyong Pagpili?
- ✧ Paano Ka Makapupunta Sa Langit?

Unang Bahagi

PAGKARAAN NG KAMATAYAN -- AY ANO?

Ang Una, Pansamantalang Kalagayan

Ano ang nangyayari kapag ikaw ay namatay? Iiwan ng iyong espiritu ang iyong katawan at pupunta sa isa sa dalawang lugar upang doon maghintay ng muling pagbuhay sa iyong katawan.

Kung tinanggap mo si Jesu-Cristo na iyong Tagapagligtas, ang espiritu mo'y pipiling sa Kanya sa Langit. Kung tinanggihan mo ang alok Niyang buhay na walang hanggan, pupunta ka sa Hades (tinatawag ding Impiyerno).



Lucas 16:22, 23 "Namatay ang pulubi at siya'y dinala ng mga anghel sa sinapupunan ni Abraham: at namatay naman ang mayaman... at sa Hades na nasa mga pagdurusa ay itiningin niya ang kanyang mga mata, at natanaw sa malayo si ...Lazaro."



Kapag sinabi nating "pumanaw" ang isang tao, tinutukoy natin ang katawan lamang. Mabubuhay itong muli sa araw ng pagkabuhay na mag-uli.

Hindi namamatay ang kaluluwa. Ang katawan ay parang isang bahay na inaalisan ng kaluluwa, o ng espiritu, upang pumunta sa lalong mainam na

tahanan.



2 Corinto 5:1,8 "Sapagka't nalalaman namin na kung masira ang aming bahay na tabernakulong ukol sa lupa,



ay mayroon kaming isang gusaling mula sa Dios, bahay na hindi gawa ng mga kamay, walang hanggan, sa sangkalangitan... Ibig pa nga namin ang mawala sa katawan, at mapasa tahanan na kasama ng Panginoon."

Ang Pagkabuhay na Mag-uli

Muling babalik si Jesus, at maaaring napakalapit na, para sa mga taong nagtiwala sa Kanya. Gaya ng liryong nagmula sa buko, ang iyong kaluluwa ay babangon taglay ang isang bagong katawan.



Juan 11:25 "Sinabi sa kanya ni Jesus, Ako ang pagkabuhay na mag-uli at ang kabuhayan: ang sumasampalataya sa Akin, bagama't siya'y mamatay, gayunma'y mabubuhay siya."



1 Corinto 15:42, 43 "Gayundin naman ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay. Itinanim na may kasiraan: binubuhay na mag-uli na walang kasiraan. Itinanim na may pagkasiphayo; binubuhay na mag-uli na may kaluwalhatian: itinanim na may kahinaan; binubuhay na mag-uli na may kapangyarihan."



Filipos 3:20, 21 "Hinihintay natin ang Tagapagligtas, ang Panginoong Jesu-Cristo: na Siyang magbabago ng katawan ng ating pagkamababa, upang maging katulad ng katawan ng Kanyang kaluwalhatian."

Isaulo Mo Ito



1 Tesalonica 4:16, 17 "Ang Panginoon din ang bababang mula sa Langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkangel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na mag-uli; kung magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa-Panginoon tayo magpakailanman."

Ang Luklukan ng Paghatol ni Cristo

Bilang mga anak ng Dios, hahatulan tayo ayon sa ating ginawa nang tayo'y nasa lupa at kung bakit natin ginawa iyon. Bibigyan ng mga gantimpala ang bawa't isang matapat na naglingkod. Tatakdaan tayo ng Dios ng mga tungkulin at karapatan sa Kanyang walang-hanggang kaharian.

2 Corinto 5:9, 10 "Kaya't ang amin namang pinagsisikapan... ay maging kalugud-lugod sa Kanya... sapagka't

tayong lahat ay kinakailangang mahayag sa harapan ng hukuman ni Cristo; upang tumanggap ang bawa't isa ng mga bagay na ginawa sa pamamagitan ng katawan ayon sa ginawa niya, maging mabuti o masama."



Ang Sanlibong Taon

Pagkatapos ng unang paghatol, babalik sa lupa si Jesus kasama ng mga tagasunod Niya. Ibibilanggo sa loob ng sanlibong taon ang diyablo.

Itatag ni Jesus ang Kanyang kaharian at maghahari sa lupa sa loob ng sanlibong kahanga-hangang mga taon, tigib ng kapayapaan at kasaganaan. Ito'y tinatawag na Sanlibong Taon. Pati mababangis na hayop ay mapayapang mamumuhay na kasama ng kapuwa hayop at ng mga tao.

Apocalipsis 20:4 "Sila'y nangabubuhay, at nagsipagharing kasama ni Cristo sa loob ng Sanlibong Taon."



Isaias 11:6 "Ang loob ay tatahang kasama ng kordero, at ang leopardo ay mahihigang kasiping ng batang kambing... at papatnubayan sila ng munting bata."

Isaias 35:1, 5, 10 "Ang tuyong lupa ay sasaya, at ang ilang ay magagalak, at mamumulaklak na gaya ng rosas... kung magkakagayo'y madidilat ang mg mata ng bulag, at ang mga pakinig ng bingi ay mabubuksan..."



at mangagtatamo ng kasayahan at kagalakan, at ang kapanglawan at ang pagbubuntung-hininga ay mapaparam."

Ang Pagkabuhay na Mag-uli at ang Paghatol sa Di-Ligtas

Pagkaraan ng Sanlibong Taon at ng panghuling paglalaban ni Cristo at ni Satanas, itatapon ang diyablo sa lawang apoy. At ang mga patay na hindi tumanggap sa kaligtasan ng Dios ay muling mabubuhay at hahatulan. Lahat ng nagpatuloy as pagsunod kay Satanas sa halip na sa Dios ay pupunta sa dako ng kaparusahang inihanda para sa diyablo.



Apocalipsis 20:11, 12, 15

"Nakita ko ang isang malaking luklukang maputi, at ang nakaluklok doon... nakita ko ang mga patay, malalaki at maliliit, na



nangakatayo sa harapan ng luklukan; at nangabuksan ang mga aklat... ang sinumang hindi nasumpungang nakasulat sa aklat ng buhay ay ibinulid sa dagat-dagatang apoy."



Ang Pangwalang-hanggang Katayuan

Ang matuwid (yaong matuwid sa harapan ng Dios, ang Kanyang mga anak) ay magtatamasa magpakailanman ng lahat ng inihanda ng Dios para sa kanila. Ang tumanggi sa alok na kaligtasan ay mahihiwalay sa Dios magpakailanman.



Mateo 25:46 "Ang mga ito'y mangapaparoon sa walang hanggang kaparusahan! datapuwa't ang mga matuwid ay sa walang hanggang buhay."



Gawin Mo Ito

Piliin ang tamang salita.

- ✂ Kapag namatay ang mga anak ng Dios, ang kanilang espiritu ay pupunta sa _____ (Langit, Impiyerno).
- ✂ Ang hindi tumanggap sa pagliligtas ng Dios ay pupunta sa _____ (Langit, Impiyerno).
- ✂ Ang "pagpanaw" ay tumutukoy sa pansamantalang kalagayan ng _____ (espiritu, katawan).

Ikalawang Bahagi

ANO ANG KATULAD NG LANGIT AT NG IMPIYERNO?

Isa sa dalawang lugar ang magiging tahanan mo sa kawalang-hanggan: ang Langit o ang Impiyerno. Ang salitang "Impiyerno" ay tumutukoy kapuwa sa Hades at sa lawang apoy.

IMPIYERNO

Pagkahiwalay sa Dios

Mateo 25:41

Magsilayo kayo sa Akin, kayong mga sinumpa!



LANGIT

Kapiling ng Dios

Juan 14:2

Sa bahay ng Aking Ama ay maraming tahanan.... Ako'y paroroon upang ipaghanda Ko kayo ng kalalagyan.

Apocalipsis 21:3

Narito, ang tabernakulo ng Dios ay nasa mga tao, at Siya'y mananahan sa kanila, at sila'y magiging bayan Niya.

Lahat ng bagay na mabuti ay mula sa Dios. Nasa Kanya ang ilaw, buhay, kagandahan, at kagalakan. Ang mahiwalay sa Kanya ay pagkakaroon ng kadiliman, paghihirap, kalungkutan, at kamatayan.

IMPIYERNO

Paghihirap

Lucas 16:23, 24

Sa Hades na nasa mga pagdurusa... siya'y sumigawe "... naghahirap ako sa alab na ito."

Mateo 25:30

Ang aliping walang kabuluhan ay iyong itapon sa kadiliman sa labas; diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin.

Apocalipsis 20:10

At sila'y pahihirapan araw at gabi magpa-

LANGIT

Kaligayahan Kailanman

Apocalipsis 21:10, 11,
16, 18

Ang Bayan Banal... na may kaluwalhatian ng Dios... ay labindalawang libong estadio: ang haba at ang luwang at ang taas ay magkakasukat... dalisay na ginto.

Apocalipsis 22:5

Hindi na magkakaroon pa ng gabi... liliwanagan sila ng Panginoong Dios: at sila'y maghahari kailan-kailan man.

Apocalipsis 21:3, 4

Ang Dios din... papahirin ang bawa't luha sa kanilang mga mata. At hindi na magkakaroon ng kamatayan, dalamhati, panambitan o hirap man.

Ating pag-isipan kung anong uri ng mga kapitbahay ang makakatagpo natin sa pinili nating tahanan sa kawalang-hanggan.

IMPIYERNO

Mateo 25:41

Pasaapoy na walang hanggan, na inihanda sa diyablo at sa kanyang mga anghel.

LANGIT

Juan 14: 3

Muling paparito Ako, at kayo'y tatanggapin Ko sa Aking sarili; upang kung saan Ako naroroon, kayo naman ay dumuon.

IMPIYERNO

Apocalipsis 21:8

Nguni't sa mga duwag, at sa mga hindi mananampalataya, at sa mga kasuklam-suklam at sa mga mamamatay tao, at sa mga mapakiapid, at sa mga manggagaway, at sa mga mapagsamba sa diosdiosan, at sa lahat ng mga sinungaling, ang kanilang bahagi ay sa d a g a t - d a g a t a n g nagniningas na apoy at asupre.

LANGIT

Hebreo 12:22, 23

Nagsilapit kayo sa ... bayan ng Dios na buhay, ang Jerusalem sa kalangitan, at sa mga dimabilang na hukbo ng mga anghel. Sa pangkalahatang pulong ng mga pangangay... at sa Dios... at mga espiritu ng mga taong ganap na pinasakdal.

Ikatlong Bahagi

GAANO KAHALAGA ANG IYONG PAGPILI?

Huwag mong sisisihin ang Dios na may napunta sa Impiyerno. Ibig Niyang iligtas ang bawa't isa, nguni't kailangang kusang piliin ng tao ang Langit o ang Impiyerno.



Deuteronomio 30:19, 20 ▼

"Aking inilagay sa harapan mo ang buhay at ang kamatayan... piliin mo ang buhay... iyong ibigin ang Panginoong Dios... sundin ang Kanyang tinig... sapagka't Siya ang iyong buhay."



Piliin mo man ang Langit o ang Impiyerno, susunod sa iyo roon ang mga iba. Isipin mo ang iyong pamilya at mga kaibigan. Saan mo sila nais akayin, dalhin?

Gawin Mo Ito

✿ Pasalamatang ang Dios sa pagsusugo kay Jesus upang iligtas ka. Idalangin ang sinumang kaanib ng pamilya o mga kaibigang patungo sa Impiyerno. Hingin ang tulong ng Dios upang mabigyang-babala sila at maakay sa Tagapagligtas.

Ikaapat na Bahagi

PAANO KA MAKAPUPUNTA SA LANGIT?


Kung ibig mong akayin sa Langit ang iba, tiyakin mong ikaw ay tumahak na sa mga daang ito at saka mo matutulungan ang iyong mga kaibigan patungo roon.


Iwan ang Maling Daan

Lahat tayo'y naglalakbay sa daan ng **KASALANAN**, malayo sa Dios at patungo sa Impiyerno. Tinalikdan natin ang ating kasalanan, ipinasiyang susundin ang Dios at tatahak sa Kanyang landas. Ito ang pagsisisi, ang unang hakbang patungo sa Langit.

Kilalanin nating nakagawa tayo ng di-tumpak at pagsikapan nating maituwid ito. Dapat nating patawarin ang ating mga kaaway, humingi ng tawad sa ating pinagkasalaan, at ibalik ang bagay na ating ninakaw, inumit, kinuha nang walang pasabi. Kapag ipinahayag nating lahat ito sa Dios, patatawarin Niya tayo at tutulungan as anumang dapat nating gawin.

Isaulo Mo Ito

 1 Juan 1:9 "Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal Siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan."

 2 Pedro 3:9 "Mapagpahinuhod (ang Dios) sa inyo na hindi Niya ibig na sinuman ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsipagsisi."

Kilalanin ang Matuwid na Daan

Paniwalaan ang mapasa daan na ibinigay sa iyo ng Dios, ang Banal na Kasulatan. Sinasabi roon na si Jesu-

Cristo ang Daan.

Isaulo Mo Ito



Juan 14:6, 6:37 "Sinasabi sa kanya ni Jesus, Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay; sinuman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan Ko. Ang lumalapit sa Akin sa anumang paraan ay hindi Ko itataboy.

Lumakad sa Matuwid na Daan

Ang ibig sabihin nito'y tanggapin mo si Jesu-Cristo na Anak ng Dios bilang iyong sariling Tagapagligtas at Panginoon ng iyong buhay. Panaligang tinatanggap ka rin Niya, at pagtiwalaan Siya.

Isaulo Mo Ito



Gawa 16:31 "Manampalataya ka sa Panginoong Jesus, at maliligtas ka."

Juan 20:31 "Ang mga ito ay nangasulat, upang kayo'y magsisampalataya na si Jesus ay ang Cristo, ang Anak ng Dios; at sa inyong pagsampalataya ay magkaroon kayo ng buhay sa Kanyang pangalan."



Sundan ang Matuwid na Daan Hanggang Wakas

Sundan si Jesus sa buong buhay mo. Papatnubayan ka Niya at tutulungan habang binabasa mo ang Banal na Kasulatan at ikaw'y nananalangin.



1 Pedro 2:25 "Kayo'y gaya ng mga tupang nangaliligaw; datapuwa't ngayon ay nangabalik kayo sa Pastor at Obispo ng inyong mga kaluluwa."

Gawin Mo Ito

✂ Nalakaran mo na ba ang mga landas na maghahatid sa iyo sa Langit? ___ Kung hindi pa, ipapasiya mo na bang gagawin ito ngayon? ___